David Michael M. San Juan
De La Salle University Manila

# Adyenda ng Paggawa (Labor Agenda) sa Pagtatatag ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN): Kontekstwalisasyon ng Ilang Pahina ng "Kapaki-pakinabang na Kasaysayan" Tungo sa Mga Adbokasing Maka-Manggagawa sa Siglo 21

**Abstrak**

Sa mga tradisyonal na aklat sa kasaysayan ng Pilipinas – lalo na yaong mga komersyal na teksbuk – karaniwang halos walang pagbanggit sa mga manggagawa at sa mga kilusang paggawa (labor movements), gayundin sa agenda ng paggawa (labor agenda) bilang mahalagang pananda sa bawat "panahon." Bunsod nito, hindi kataka-taka na nauuwi sa estado-sentrikong talakay ang mga araling pangkasaysayan sa maraming paaralan, at nagiging talababa o footnote na lamang (kung may espasyo pa nga) ang manggagawa sa nakasulat na kasaysayan. Bilang pagsalungat sa gayong kalakaran, ang papel na ito ay panimulang pagsisikhay na ilarawan, isakonteksto, at isapopularisa ang adyenda ng paggawa (Labor Agenda) sa pamamagitan ng pagsipat sa kaugnay na dokumentong mula sa mga dokumento ng pagtatatag ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN). Sa pangkalahatan, ginagabayan ng lente ng kasaysayang-bayan (people's

history) ang papel na ito. Samakatwid, ang mga dokumentong mula sa mga kilusang panlipunan na pawang nakaugat sa "mga tinig mula sa ibaba" ay itinuturing na bahagi ng tinatawag na "kapaki-pakinabang na kasaysayan" ("usable past" o kasaysayang nakatutulong sa pag-unawa ng kasalukuyan). Ang papel na ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na ispesipikong katanungan: 1) Paano itinampok sa mga dokumento ng pagtatag sa BAYAN ang adyenda ng paggawa; 2) Paano nagbago o nanatiling gayon pa rin ang adyenda ng paggawa mula noon hanggang ngayon; 3) Bakit makabuluhan pa rin sa kasalukuyan ang adyenda ng paggawa na itinampok sa mga piling dokumentong historikal mula sa mga kilusang panlipunang nabanggit, at paano maitataguyod ang mga ito sa Siglo 21?

**Mga Susing Salita**: *adyenda ng paggawa, Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), kilusang manggagawa, kasaysayang-bayan, mga kilusang panlipunan*

***Abstract***

*In traditional books on Philippine history, especially commercial textbooks, there is often little mention of workers and labor movements, as well as the labor agenda in listing them as significant markers of each "era." Consequently, it is not surprising that historical studies in many schools tend to focus on a state-centric discourse, relegating labor to the background or, at best, a historical footnote (if there is any). In response to this trend, this paper serves as an initial contribution aimed at describing, contextualizing, and popularizing the labor agenda through an examination of related documents from the founding documents of the Bagong Alyansang Makabayan/New Patriotic Alliance (BAYAN). In general, this paper is guided by the lens of people's history. Thus, documents from social movements rooted in "voices from below" are considered part of the so-called "usable past," a history that helps in understanding the present. This paper aims to answer the following specific questions: 1) How was the labor agenda highlighted in BAYAN's founding documents?: 2) How has the labor agenda evolved or remained the same from then until now?; 3) Why is the labor agenda, as emphasized in selected historical documents from the mentioned social movements, still relevant today, and how can it be promoted in the 21st Century?*

***Key Words**: labor agenda, Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), labor movement, people's history, social movements*

**Panimula**

Ngayong Siglo 21, nagpapatuloy ang matinding pagsasamantala at pang-aapi sa mga manggagawa sa porma ng mababang pasahod, sistemang pleksibilisasyon/ kontraktwalisasyon o sistemang *endo*, represyon ng mga unyon at iba pang mga organisasyong nagtataguyod ng kapakanan ng mga manggagawa, at pamamaslang sa mga lider at kasapi ng mga unyon. Kaugnay ng mababang pasahod, ang minimum na arawang sahod na itinakda ng gobyerno para sa Metro Manila ay 610 piso pero 1,164 piso na ang arawang family living wage/FLW o sahod na sapat para sa mga pangunahing pangangailangan ng isang pamilya na may 5 miyembro (IBON Foundation, 2023a), at sa lahat ng rehiyon, mas mababa rin ang minimum na arawang sahod kaysa sa FLW (IBON Foundation, 2023b). Tuluy-tuloy rin ang pagpapatupad ng sistemang endo (Briones, 2016; Briones & San Juan, 2020) sa pribadong sektor at maging sa publikong sektor ay may 648,215 manggagawang kontraktwal (Dabu, 2022). Isang taon bago ang pandemyang COVID-19, tinatayang 7 hanggang 10 milyong manggagawang Pilipino ang kontraktwal (Cepeda, 2019). Mapagsamantala ang sistemang endo sa pangkalahatan dahil walang benepisyo at karaniwa'y napakababa ng sweldo ng mga manggagawang kontraktwal. Ang aping sitwasyon ng mga manggagawang kontraktwal ang isa sa mga batayan ng pag-oorganisa ng mga unyon at iba pang katulad na organisasyon ng mga manggagawa at tagapagtaguyod ng kapakanan ng mga manggagawa sa Pilipinas. Sa kasamaang-palad, ayon sa Global Rights Index ng International Trade Union Confederation/ITUC, ang Pilipinas ay "one of the 10 worst countries in the world for working people" dahil sa "violence against trade unionists," "arrests of trade unionists," at "union busting" (International Trade Union Confederation, 2023).

Sa nakaraang High-Level Tripartite Mission ng International Labor Organization (ILO) sa Pilipinas noong Enero 23-26, 2023, hinikayat naman ng ILO ang gobyerno ng Pilipinas na itigil ang redtagging (pagbansag na "komunista" ang mga nakikipaglaban para sa kanilang karapatan) at papanagutin ang mga pumaslang sa mga lider-manggagawa: "The practice of red-tagging should stop and any suspicion of criminal acts should be brought before appropriate judicial bodies with assurances of due process and respect for the presumption of innocence. It is in this context that the mission wishes once again to emphasize the great importance of ensuring full examination and investigation of the outstanding cases of extrajudicial killing (EJK) against trade union leaders and members so as to identify, prosecute and punish the direct perpetrators and any others directing or

authorizing these killings and bring an end once and for all to the climate of impunity...” (International Labor Organization, 2023). Bagamat may tig-isang kinatawan pa sa Kongreso ang mga progresibong partylist na nagtataguyod ng kapakanan ng mga manggagawa (Gabriela, Kabataan, ACT Teachers), hindi nahalal sa kasalukuyang Kongreso ang Anakpawis at Bayan Muna Partylist na pawang may mga ispesipikong pokus sa mga manggagawa. Samantala, may mga nahalal ding partylist na sa pangalan ay makikitang nagrerepresenta sa mga manggagawa, ngunit sa pangkalahatan ay hindi rin gaanong aktibo sa paggigiit ng kapakanan ng manggagawa sa Kongreso. Sa ganitong konteksto, lalong nagiging mahalaga at makabuluhan ang pagsusulong ng adyenda ng paggawa (labor agenda) sa loob at labas ng mga bulwagan ng kapangyarihan.

Isa sa pinakamalaking pangkat na nagpapahayag ng alternatibong programang ekonomiko at nagbibitbit ng adyenda ng paggawa mula noon hanggang ngayon ang Bagong Alyansang Makabayan/BAYAN na itinatag noong 1985 ng “mahigit isanlibong organisasyong pangmasa na may kabuuang kasapiang mahigit isang milyon, kumakatawan at sa iba’t ibang uri at sektor ng lipunan, at masikhay na nakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya” (Bagong Alyansang Makabayan, 2015). Bukod sa aktibong paglahok sa mga kilos-protestang nagpatalsik sa diktadurang Marcos at sa administrasyong Estrada, isa rin ang BAYAN sa mga pangkat na nanguna sa paglalansag ng mga base militar ng Amerika sa Pilipinas. Noong 2009 ay binuo ng mga organisasyon sa ilalim ng BAYAN ang Koalisyong Makabayan (MAKABAYAN), isang progresibong koalisyong politikal na sa rurok ng naabot nitong boto noon ay nagkaroon ng 7 kinatawan sa Kongreso. Nauna pa rito, pinamunuan din ng BAYAN ang pagtatatag sa Partido ng Bayan (PnB) – para sa eleksyon noong 1987 – na tumatak sa kasaysayan bilang isa sa pinakamalawak na pagtatangka ng mga progresibo sa bansa na lumahok sa pakikibakang elektoral sa kontemporaryong kasaysayan. Kasama sa mga pangunahing adbokasi ng PnB ang adyenda ng paggawa. Samakatwid, sa nakaraang mahigit 30 taon ng pag-iral ng BAYAN ay may sapat nang materyales na matitipon upang makabuo ng panimulang pananaliksik hinggil sa adyenda ng paggawa ng mga progresibong pwersang kabilang sa BAYAN.

**Kasaysayang-Bayan Bilang Gabay sa Pananaliksik**

Sa gabay ng lente ng kasaysayang-bayan (people's history), layunin ng papel na ito na sagutin ang mga sumusunod na ispesipikong katanungan: 1) Paano itinatampok sa piling dokumento ng Bayan, PnB at Mak ang adyenda ng paggawa; 2) Paano nagbago o nanatiling gayon pa rin ang adyenda ng paggawa sa mga nakaraang dekada; 3) Bakit makabuluhan pa rin sa kasalukuyan ang adyenda ng paggawa na itinampok sa mga piling dokumentong historikal mula sa mga kilusang panlipunang nabanggit?
Kasaysayang-bayan o people's history ang bersyon ng kasaysayan na nakatuon sa perspektiba at papel ng mga kilusang panlipunan – partikular ang batayang sektor ng manggagawa at magsasaka – sa paghubog ng kasaysayan. Samakatwid, ang mga dokumentong mula sa mga kilusang panlipunan na pawang nakaugat sa "mga tinig mula sa ibaba" (Maceda, 1996) ay itinuturing na bahagi ng tinatawag na "kapaki-pakinabang na kasaysayan": "usable past" (Constantino & Constantino, 1975) o kasaysayang nakatutulong sa pag-unawa ng kasalukuyan. Sa diwa ng konsepto ng kapaki-pakinabang na kasaysayan, "nararapat pakitunguhan ang nakaraan bilang paraan ng pagpapaliwanag sa kasalukuyan. Hindi lamang ito dapat maging mapaglarawan, kundi dapat maging mapanuri rin; hindi lamang ito dapat maglahad ng mga óbhetíbong pangyayari kundi dapat ding dalhin ang pagtalakay sa dominyo ng paghuhusga sa kawastuhan ng mga bagay-bagay o kabaligtaran nito" (Constantino & Constantino, 1975). Sa ganitong diwa, ang historikal na dokumento tungkol sa adyenda ng paggawa sa kasaysayan ng BAYAN at ng mga pwersang politikal na kabalikat nito, ay maaaring sipatin hindi lamang para maunawaan at masuri ang mga nakaraang pangyayari at sitwasyon kundi para rin makapagtala ng mga kapaki-pakinabang na aral para sa kasalukuyang mga kilusang manggagawa at mga tagapagtaguyod ng kapakanan ng mga manggagawa.

**Adyenda ng Paggawa sa Mga Dokumento ng Pagtatatag ng BAYAN**

Kasama sa mga dokumentong pinagtibay sa pagtatatag ng BAYAN ang "BAGONG ALYANSANG MAKABAYAN (BAYAN) GENERAL PROGRAM OF ACTION" (GPOA) na may petsang Mayo 5, 1985. Pinagtibay ito sa gitna ng matinding represyon sa ilalim ng diktadurang Marcos kaya't sa panimula pa lamang ng nasabing GPOA ay nilinaw na ang konteksto ng pagtatatag ng nasabing multisektoral na grupo bilang pangkalahatang pangkat na magtataguyod sa interes ng sambayananang Pilipino, kasama na ang uring manggagawa: "...at the risk of being maligned, harassed, hosed by water cannons, blinded by tear gas and smoke bombs, beaten with truncheons, arrested, tortured, made to disappear or salvaged, we continue to assert

our rights: Workers struggle for decent working conditions, just wages, job security, and genuine unionism...” Kasama sa mga “immediate objectives” ng BAYAN ang “1. Fight for the rights and freedoms of the people, in particular... (c) For the rights of workers freely to freely organize themselves, to strike and to picket... 3. Strive to raise the standard of living of the people, particularly the poor and marginalized, by fighting for the following measures and steps, among others: (a) Just wages for workers, fair prices for farmers, and land and jobs for the urban poor...” Itinala naman sa “comprehensive objective” ng BAYAN sa ilalim ng “People’s Welfare and Economic Development” ang “1. Redirect economic policy away from export-oriented development, which reinforces colonial patterns of trade and economy, to self-directed, self-generated and self-sustained development based on the planned convergence of domestic resource use, domestic demand and domestic needs, which entails...(d) Expanding the domestic market by taking affirmative action to increase the real income of marginalized social sectors [industrial and service workers, urban poor, farmers, fishermen and landless peasants] and depressed geographical regions...” 5. Recognize the vital role of labor not only in the economy but in all aspects of society, and consequently: (a) Promote the rights of workers freely to organize, bargain collectively, strike and picket for higher wages and better working conditions; (b) Gear economic policy and planning to create full employment, ensure job security, and pay decent wages; (c) Recognize and create mechanisms to give effect to the right of workers to share in the management of the enterprise they work in and to participate in its profits, as well as in the planning of the national, regional and local economy, in the formulation of public policy, and in the making of public decisions that could affect their livelihood or their lives...”

Bukod sa nasabing komprehensibong GPOA, pinagtibay rin sa asembliya ng pagtatatag ng BAYAN ang “PANUKALA PARA SA KAPAKANAN NG MGA MANGGAGAWA” na nag-iisa-isa ng mga partikular na pagsusuri sa sitwasyon ng uring manggagawa sa panahong iyon: “patuloy na dinadaluyong ng pagkakawatak-watak ang mga manggagawa na sa kasalukuyan ay 12% pa lamang ang organisado dahil sa mga mapaniil na kairalan tulad ng mga “union busting practices,” kabagalan at paglutas ng mga hidwaang unyon” at namamahala, mga probisyon sa batas paggawa na kumikitil sa karapatang magbuo ng mga samahan, patuloy na pananakot at karahasan sa pagawaan at piketlayn...sumisidhi ang pagdarahop ng mga manggagawa, sa sahod na hindi man lang makatugon sa mga pangunahing pangangailangan, sa patuloy na pagtaas ng presyo ng bilihin (50% noong nakaraan na taon), sa pagkawala ng katiyakan sa trabaho (mahigit na 100,000 ang tinanggal at 5

milyong Pilipino ang wala o kulang ang hanapbuhay)...hawak at kontrolado ng mga namumuhunan ang mga institusyong pampamahalaang gumagawa at nagpapatupad ng mga batas ukol sa paggawa kaya't hindi naman mahigpit na ipinapatupad ng pamahalaan ang mga kautusan sa paggawa tulad ng pagbibigay ng batayang sahod, pag-aasikaso sa mga benepisyo at pagkakaroon ng mga kasangkapang pangkaligtasan...mananatili ang kalagayang ito hangga't hindi tunay na malaya ang ating bansa at hangga't patuloy na nakikialam ang mga dayuhan sa pulitika at ekonomiya ng ating bansa...” Inilatag din sa nasabing dokumento ang mga partikular na panukala ng BAYAN kaugnay ng “kalayaan sa pag-oorganisa”; “malayang sama-samang pakikipagtawaran”; “pakikilahok ng mga manggagawa sa pamamahala”; “pagpapaunlad ng mga pamantayan sa paggawa”; at “makabayang industriyalisasyon.” Bawat seksyong ito ay naglalaman ng mga detalyadong panukala na mainam sipatin at ihambing sa adyenda ng paggawa sa kasalukuyan.

**Mga Panukala ng BAYAN Kaugnay ng Adyenda ng Paggawa: Aplikable Pa Rin sa Siglo 21**

Ang panukalang “kilalanin ang karapatan ng mga empleyado sa pamahalaan na bumuo ng kanilang mga samahan upang sama-samang makipagtawaran at upang sama-samang kumilos sa pagsanggalang at pagtaguyod ng kanilang karapatan at interes” ay nagkaroon na ng katuparan sa pamamagitan ng Konstitusyong 1987 na nagsasaad sa Artikulo III Seksyon 8: “Hindi dapat hadlangan ang karapatan ng mga taong-bayan kabilang ang mga naglilingkod sa publiko at pribadong sektor na magtatag ng mga asosasyon, mga unyon, o mga kapisanan sa mga layuning hindi labag sa batas.” Halos 25 taon ang lumipas pagkatapos ng ratipikasyon ng nasabing Konstitusyon ay saka pa lamang nagkaroon ng unyon ang mga publikong guro. Noong 2011 lamang inilabas ng Public Sector Labor-Management Council ang mga alituntunin sa akreditasyon at rehistrasyon ng unyon sa mga publikong paaralan, sa pangangalampag ni dating ACT Teachers Rep. Antonio Tinio (ACT Teachers Partylist, 2020). Mula noo'y unti-unting nakapagtayo ng unyon ang mga affiliate ng ACT Philippines bagamat magkakaiba pa ang sitwasyon ng mga pormasyon sa iba't ibang rehiyon: “Accredited with Approved CNA: NCR, Regions VI and XI; Accredited with On-going CNA Negotiation: Region V, VII Pending Approval of CSC Accreditation: Region I; Registered: Region II, III, IV-A, IV-B, VIII, X, XII CARAGA and CAR” (ACT Teachers Partylist, 2020). Kung isasaalang-alang ang aktibong panghihimasok ng mga ahente ng estado sa karapatan ng mga manggagawa na mag-organisa, sa pamamagitan ng pagredtag (na nauuwi sa “disaffiliation” o “pagkalas” ng mga manggagawa) sa mga progresibong

unyon sa sektor publiko gaya ng Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees/COURAGE at ACT (Gallardo, 2022; Alliance of Concerned Teachers-Philippines, 2021), malinaw na nananatiling makabuluhan ang panawagan ng BAYAN noong 1985. Kaugnay nito, nananatili ring balido ang panukala ng BAYAN na "ipawalambisa ang batas paggawa na nagpapahintulot sa pamahalaan na manghimasok sa pag-oorganisa ng mga manggagawa ayon sa industriya." Hanggang sa kasalukuyan, literal na nakakapanghimasok ang pamahalaan sa mga labor dispute sa pamamagitan ng kapangyarihang "assumption of jurisdiction" na ipinagkaloob ng Artikulo 263 (g) ng Labor Code sa Kalihim ng Department of Labor and Employment (DOLE). Tumutukoy ito sa awtoridad ng DOLE na makialam sa labor dispute na nagbubunsod ng o malamang na magbunsod ng strike o lockout sa isang industriya na napakahalaga sa pambansang interes. Ang kapangyarihang ito'y ginamit at sapilitang ipinatupad ng DOLE sa welga ng United Luisita Workers Union (ULWU) at Central Azucarera de Tarlac Labor Union (CATLU) na bunsod nga bigong negosasyon kaugnay ng demand ng mga manggagawa na pagtataas ng sahod, mas maayos na kondisyon sa paggawa, at karapatan sa lupa (Permanent People's Tribunal, 2007). Ang gayong sapilitang pagpapatupad ng assumption of jurisdiction ng DOLE ay itinuturong siyang ugat ng pamamaslang sa pitong manggagawa at injury sa 72 manggagawa (Permanent People's Tribunal, 2007). Para limitahan ang kapangyarihang ito ng kalihim ng DOLE, inihain ni Sen. Joel Villanueva sa ika-17 Kongreso ang Senate Bill No. 1221 noong 2016. Hindi ito umusad sa lebel ng komite, gaya rin ng House Bill No. 4671 sa ika-15 Kongreso na inihain naman ni Anakpawis Rep. Rafael V. Mariano noong 2011.

Ang panukala naman ng BAYAN na "ipawalambisa ang probisyon sa batas na nagbabawal sa mga empleyadong namamahala (managerial) at mga empleyadong para sa seguridad (security personnel) na bumuo ng unyon" ay napapanahon pa rin sapagkat hanggang ngayon, hindi pa rin pinapayagan ng gobyerno sa bansa ang pagbubuo ng unyon ng mga managerial employees (Bureau of Labor Relations, 2017) bagamat ang mga security personnel ay may kalayaan na rin ngayong lumahok sa at bumuo ng mga unyon (Project Jurisprudence, 2017). Kaugnay naman ng panukala ng BAYAN na "ipawalambisa ang lahat ng batas na nagpapahintulot sa mga kumpanya sa Free Trade Zones na hindi tumupad sa mga batas paggawa," kahit paano, sa papel, ginagarantiyahan na ngayon ng gobyerno ng Pilipinas ang karapatan ng mga manggagawa sa mga free trade zones ("economic zones" ang karaniwang tawag ngayon) na bumuo ng o lumahok sa mga unyon at pumaloob sa proseso ng collective bargaining (Bureau of Labor Relations, 2014). Gayunman, sa isang bagong pananaliksik,

binigyang-diin na talamak pa rin ang paglabag sa mga nasabing karapatan ng mga manggagawa sa mga nasabing erya: "at the State level, no action has also been leveled on relevant agencies for the persistent and rampant violations of labor standards and labor rights in ecozones, nor has anyone been made accountable for the occurrence of specific cases such as the cases described in the paper. It is worthy to note that the cases of labor rights violations presented in the paper covered at least two Philippine government administrations, up to the present. In all cases, the intervention of government agencies has been limited, if not dismal and skewed towards the interests of transnational and multinational companies operating in the ecozone to the detriment of worker rights protection" (Velasco, 2019). May mga ulat din sa midya kaugnay ng mga partikular na korporasyong inaakusahan ng mga manggagawa na lumalabag sa kanilang karapatan sa pamamagitan ng harassment, intimidasyon at iba pa (Salamat, 2014). Ilang buwan bago sumambulat ang pandemyang COVID-19, inilantad din ng mga unyon at ng mga tagapagtaguyod ng karapatan ng manggagawa ang bagong polisiya ng gobyerno na tambakan ng pulis ang mga ecozone para hadlangan ang pag-oorganisa ng mga unyon (Malig, 2020; Cigaral, 2020; Sentro ng mga Nagkakaisa at Progresibong Manggagawa, 2020).

Ang mga panukala ng BAYAN "para sa malayang sama-samang pakikipagtawaran" (collective bargaining) ay naghihintay pa rin ng katuparan sa siglo 21. Halimbawa, ipinatutupad pa rin ng gobyerno ang Batas Pambansa 130 (na noon pa'y nais ipawalambisa ng Bayan). Naglalaman ito ng mga probisyon na maaaring gamitin para takutin ang mga manggagawang nakawelga o nagbabalak magwelga gaya ng mga sumusunod: "No strike or lockout shall be declared after assumption of jurisdiction by the President or the Minister or after certification or submission of the dispute to compulsory or voluntary arbitration or during the pendency of cases involving the same grounds for the strike or lockout...Any union officer who knowingly participates in an illegal strike and any worker or union officer who knowingly participates in the commissions of illegal acts during a strike may be declared to have lost his employment status..." May probisyon din ang nasabing batas na halos awtomatikong nagpapahirap sa pagsasagawa ng welga: "No person engaged in picketing shall commit any act of violence, coercion or intimidation or obstruct the free ingress to or egress from the employer's premises for lawful purposes, or obstruct public thoroughfares." Ang koersyon, intimidasyon, o obstruksyon sa nasabing probisyon ng batas ay masyadong malawak kaya't ang mga karaniwang kilos ng mga nagwewelga ay maaaring gamitin para sila'y kasuhan ng management. Kaugnay nito, ang panukala ng BAYAN na "pagpapatupad ng kaparusahan o kagyat na pagganti sa mga kasong ULP" (unfair labor practices) ay makabuluhan

pa rin ngayon dahil sa patuloy na pag-iral ng ULPs na minsa'y gobyerno pa nga ang gumagawa. Ayon sa Bureau of Labor Relations (2014), ang mga sumusunod ang halimbawa ng ULPs na employer ang gumagawa: "**a) Requiring as a condition of employment that a person or an employee shall not join a labor organization or shall withdraw from one to which he belongs**; b) Contracting out services or functions being performed by union members when such will interfere with, restrain, or coerce employees in the exercise of their right to self-organization; c) Discrimination as regards to wages, hours of work, and other terms and conditions of employment in order to encourage or discourage membership in any labor organization; and d) Dismissal, discharge, prejudice or discrimination against an employee for having given or being about to give testimony under the Labor Code. (Art. 248, 249 of the Labor Code, as amended)." Konektado sa mga nabanggit na kaso ng redtagging ng mga ahente estado na nauwi sa "disaffiliation" ng mga manggagawa mula sa mga progresibong unyon na kanilang kinabibilangan. Samantala, ang panukala ng BAYAN na "pagtaguyod ng pang-industriya at pampropesyonal na sama-samang makipagtawaran bilang karagdagan sa mga sama-samang pakikipagtawaran ng mga lokal" ay hindi pa rin natutupad sa Pilipinas. Ang prosesong ito (industry-wide collective bargaining) ay tinatawag ding sectoral bargaining. Sa pangkalahatan, itinuturing na paborable sa mga manggagawa ang sectoral bargaining dahil mas malawak agad ang saklaw nito (ang buong sektor o industriya) kaya't mas marami ring manggagawa ang agad na makikinabang sa anumang mapagkasunduan ng mga unyon at ng mga employer (Center for American Progress Action Fund, 2020).

Ang mga panukala ng BAYAN "para sa pakikilahok ng mga manggagawa sa pamamahala" ay maituturing na napaka-abante noon, kaya't hindi katakatakang hindi pa rin naisasakatuparan sa ngayon, gaya ng pagbubuo "ng mga Lupon sa Paggawa (work council) na may bisang maghain ng panukala sa mga pribadong negosyo"; "pagsasainstitusyon ng paghahati ng tubo sa pampubliko at pribadong negosyo (profit-sharing)" at "pagkakaroon ng kinatawang manggagawa sa Lupon Tagapagpaganap (Executive Board) ng mga kumpanyang pagmamay-ari at pinamamahalaan ng Pamahalaan." Inspirado ng mga panawagan para sa "demokrasyang pinamumunuan ng mga manggagawa" – na hanggang ngayo'y buhay pa rin sa bokabularyo at aktwal na dinamikong pag-iral ng mga kilusang panlipunan (Wilson, 2021; Balch, 2009) – ang gayong bisyon ng BAYAN. Ang Germany ang isa sa mga bansang mapaghahalawan ng karanasan kaugnay ng "work council" o Betriebsrat na tumutukoy sa grupo ng mga empleyado na inihalal ng kanilang mga kapwa manggagawa para makipagtulungan sa management sa layuning pangalagaan ang interes ng mga manggagawa at bigyan ng

boses ang mga manggagawa sa bawat mahalagang desisyon ng kumpanya (Velocity Global, 2023). Hanggang sa ngayon ay wala pang panukalang batas sa bansa kaugnay ng pagbubuo ng mga work council. Samantala, ang ideya naman ng profit-sharing ay halos dalawang dekada nang umiiral at pana-panahong nabubuhay sa pamamagitan ng mga panukalang inihahain sa Kongreso. Batay sa arkibo ng Kongreso, ang pinaka-unang panukalang batas na nagtatakda ng mekanismo para sa profit-sharing sa Pilipinas ay ang House Bill 4360 na inihain noong 2005 ni Rep. Robert "Dodot" Jaworski, Jr., noong ika-13 Kongreso. Layunin ng nasabing panukalang batas na, bukod pa sa sweldo, ay bigyan ang mga manggagawa ng "at least 10% of the gross income" ng kumpanya. Halos ganito rin ang laman ng House Bill 1109 na inihain ni Buhay Partylist Rep. Jose L. Atienza, Jr. noong 2019 sa ilalim ng ika-18 Kongreso, at ang latest sa gayong panukalang batas.

"Para sa pagpapaunlad ng mga pamantayan sa paggawa" (labor standards) ay ipinanukala ng BAYAN na "iayon ang batayang sahod sa mga pagtaas ng presyo ng bilihin; pigilan ang SSS at GSIS na mamuhunan sa mga pribadong kumpanya...ilaan ang pondo nito sa pagpapaunlad ng mga benepisyo ng mga manggagawa; magkaroon ng mga kinatawang manggagawa sa Lupon Tagapagpaganap ng mga kumpanya kung saan namuhunan ang SSS, GSIS at Land Bank..." at "itigil ang pagsasamantala sa mga apprentice at learner at paigsiin ang panahon ng paglilingkod ng mga casual at probationary na mga manggagawa." Ang pag-aayon ng minimum na sahod sa pagtaas ng presyo ng bilihin ay lalong nagiging imperatibo dahil sa record-level na pagtaas ng bilihin sa Pilipinas sa mga nakaraang buwan sa ilalim ng ikalawang administrasyong Marcos (Venzon, 2023; Rappler, 2022). Maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng pagtitiyak na malapit-lapit ang minimum na sahod sa family living wage, na sa ngayon, gaya ng nabanggit sa pagtalakay sa panimula ng artikulong ito, ay malayo pa sa realidad sa lahat ng rehiyon ng bansa. Ang pagtatakda ng istriktong regulasyon sa pamumuhunan ng SSS, GSIS atbp., at ang pagkakaroon ng mga kinatawan ng mga manggagawa sa gayong government-owned and controlled corporations (GOCCs) ay hindi pa rin naisasakatuparan sa ngayon. Bagamat alinsunod sa mga umiiral na batas ay may kinatawan ang mga manggagawa sa SSS at GSIS governing boards, ang mga kinatawang ito ay karaniwang hindi mga rank-and-file na manggagawa o nominado ng mga maraming grupo ng mga manggagawa, at sa halip ay mataas na opisyal ng isang grupo lamang na kumakatawan sa mga partikular na manggagawa. Halimbawa, sa anim na SSS commissioners as of September 2023 (Social Security System, 2023) – Diana Pardo-Aguilar, Jose C. Julio, Anita Bumpus-Quitain, Eva. B. Arcos, Robert Joseph M. De Claro, at Manuel L. Argel, Jr. – batay sa kanilang mga resume na naka-upload sa website ng SSS, si Arcos lamang ang maituturing

na kahit paano ay masasabing nominado ng mga manggagawa dahil siya'y opisyal ng Associated Labor Unions/ALU (Arcos, 2023). Ayon sa datos ng Bureau of Labor Relations (2021), ang ALU ay may 958 locals/affiliates – pinakarami sa alinmang pederasyon – na kumakatawan sa 79,558 miyembro. Gayunman, dapat bigyang-diin na mas marami ang miyembro ng pederasyong Philippine Trade and General Workers Organization/PTGWO – 93,720. Samantala, ayon sa kanyang resume sa website ng SSS, si Commissioner Quitain ay may 11 taong karanasan bilang guro, ngunit ang latest (at mas mahaba) niyang serbisyo ay sa mismong Social Security System. Ipagpalagay man na si Commissioner Quitain ay kinatawan din ng mga manggagawa, hindi pa rin nasusunod sa ngayon ang mga probisyon sa Social Security Act of 2018 o Batas Republika 11199 na nagtatakda na 3 commissioner ng SSS ang dapat na magmula ng mga nominado ng mga manggagawa. Gayundin, sa Government Service Insurance System Act of 1997 o Batas Republika 8291, tatlo lang sa walong pwesto sa Board of Trustees ng GSIS ang nakalaan sa mga kinatawan ng mga manggagawa. Walang mekanismo hanggang sa ngayon, para sa pangarap na "magkaroon ng mga kinatawang manggagawa sa Lupon Tagapagpaganap ng mga kumpanya kung saan namuhunan ang SSS, GSIS at Land Bank..." at lalong hindi pa rin nawawala ang pagsasamantala sa mga apprentice at learner at hindi pa rin umiikli "ang panahon ng paglilingkod ng mga casual at probationary na mga manggagawa."

Isa rin sa matagal nang itinataguyod ng BAYAN ang programa "para sa makabayang industriyalisasyon" na inaasahang makatutulong para sa "pagtugon sa mga pangunahing pangangailangan" ng bansa (pagdating halimbawa sa mga pangunahing pangangailangan at mga produktong pangkonsumo, teknolohiya at iba pa) at "paglikha para sa lokal na paggamit bago tumuon sa panlabas o pagluluwas ng mga produkto." Ipinanukala rin noon ng BAYAN na "tanggalin ang lahat ng pagganyak at insentibo sa mga dambuhalang dayuhang korporasyon" upang mas mabigyan ng pagkakataon ang mga lokal na industriya na makapagsimula at makapagpalakas sa halip na bayuhin at gapiin agad ng global na kumpetisyon nang hindi pa nga umuunlad. Kaugnay nito, parte rin ng adbokasi ng BAYAN ang pagtataguyod sa mga "industriyang gagamit ng mga katutubong kayamanan at materyales imbis na mga inangkat" at "tunay na maunlad na industriyalisasyon na magpapalakas sa forward and backward industrial linkages." Sa esensya, ang tinutukoy na "tunay na maunlad na industriyalisasyon" ay iiral kung ang mga industriya ay nagsusuportahan at komplementaryo sa isa't isa kaya't ang paglago sa isang sektor ay magbubunsod din ng paglago sa iba pa (Singapore Department of Statistics, n.d.).

Nananatiling makabuluhan sa Siglo 21 ang mga panukala ng BAYAN hinggil sa makabayang industriyalisasyon dahil bagamat may mga umiiral namang plano para sa industriyalisasyon ang gobyerno ng bansa, ang mga planong ito'y hindi pa rin ganap na naipapatupad, at may mga limitasyon din kumpara sa potensyal ng Pilipinas kung isasaalang-alang ang napakayaman nitong resorses (mula sa kalikasan hanggang sa mga mamamayan mismo). Sa isang policy brief na inilathala ng Department of Trade and Industry, malinaw na ang kasalukuyang plano para sa industriyalisasyon ng gobyerno ay nasa framework pa rin ng pagseserbisyo sa pangangailangan ng mga dayuhang bansa at korporasyon, sa halip na nakadisenyo sana para sa pangangailangan ng mga mamamayan ng bansa (sa kasalukuyang mananaliksik ang pagbibigay-diin): "the government is implementing a growth model where a modern industrial sector will play a key role in generating investment and employment. In terms of **market orientation**, the strategy focuses on both the domestic and **export markets** using the country's large consumer base to attract investments and to become a **future hub in the global and regional production network of multinational companies**" (Aldaba, 2019). Gayundin halos ang kabuuan ng detalyeng inihapag sa Kabanata 6 ng latest na Philippine Development Plan/PDP (National Economic and Development Authority, 2022). Ang pagdepende ng bansa sa mga dayuhang mamumuhunan ay hindi pa rin nababago, at lalo pa ngang dumami ang mga pang-akit at insentibo para sa mga dayuhang dambuhalang korporasyon gaya ng pag-aalis ng limitasyon sa dayuhang pagmamay-ari sa marami sektor ng ekonomiya (kahit nga hindi pa nakakalusot sa Kongreso at Senado ang anumang panukalang economic charter change/CHA-CHA na ganap na magbubuyangyang ng ekonomiya ng bansa sa mga dayuhan), bukod pa sa mga tax holiday (panahon na hindi magbabayad ng buwis ang kumpanya). Habang tumatagal ay dumarami ang mga industriya at negosyo na nakabuyangyang na sa mga dayuhan, at nababawasan naman ang mga limitasyon sa pamumuhunan ng mga dayuhan, gaya ng makikita kapag pinaghambing ang 9$^{th}$ negative list (talaan ng mga sektor ng ekonomiya na may limitasyon ang dayuhang pamumuhunan) at ang latest na 12$^{th}$ negative list (Aquino III, 2019; Duterte, 2022). Inamyendahan din ng gobyerno ang Foreign Investments Act para lalong lawakan ang mga sektor ng negosyo na maaaring puntahan ng mga dayuhang investor: "The law allows for the first-time international investors to set up and fully own small and medium-sized businesses and hold 100% equity in firms in sectors where they could already operate. Previously, foreign investors could only invest in small businesses if they hired at least 50 Filipino workers. In addition, the law halves to $100,000 the minimum capital required to set up a business, as long as foreign investors hire at least 15 local workers and introduce advanced technology" (United Nations


Conference on Trade and Development, 2022). Batid ng buong mundo ang mga gayong maka-dayuhang investor na direksyon ng ekonomiya ng Pilipinas (HSBC, 2023; Medina, 2023). Ang "export-oriented enterprises" (kasama na ang mga dayuhang korporasyon) ay maaaring mag-avail ng "income tax holiday ("ITH") for four (4) to seven (7) years" (PWC, 2023). Samakatwid, malayo pa ang Pilipinas sa pangarap na bansa ng BAYAN.

**Adbokasing Maka-Manggagawa para sa Siglo 21**

Upang patuloy na maitaguyod ang mga adbokasing maka-manggagawa na ipinanukala ng BAYAN noong 1985 at nananatiling makabuluhan pa rin sa Siglo 21, ilang mungkahi ang maaaring isabalikat gaya ng pagpapalakas sa mga unyon, pagpapalakas ng mga partido politikal at alyansang politikal ng mga manggagawa, at pagpapalakas ng mga pagsisikhay sa lobbying sa Kongreso, Senado at maging mga ahensya sa sangay ehekutibo, at pagsasabalikat ng mga hudisyal na pagkwestyon sa mga polisiyang anti-manggagawa.


Sa konteksto ng kasaysayang-bayan, ang mga kilusang panlipunan ang may kakayahang magtransporma sa mundo, gaya ng sinasabi sa awiting popular sa panahon ng First Quarter Storm: "Ang masa, ang masa lamang ang siyang tagapaglikha...tagapaglikha ng kasaysayan." Samakatwid, para mas epektibong maisulong ang mga adbokasing maka-manggagawa sa Siglo 21, kailangang lalong palakasin ang mga organisasyon ng mga manggagawa mismo. Sa nakaraang halos isang dekada, bagamat mabagal na dumarami ang bilang ng mga miyembro ng unyon sa Pilipinas ay lumiliit naman ang unionization rate gaya ng ipinakikita sa Pigura 1 at 2 (Bureau of Labor Relations, 2021); ibig sabihin, habang lumalaki ang lakas-paggawa (labor force), mas lumiliit ang porsyento ng mga manggagawa na nagmimiyembro sa unyon.

**Pigura 1. Trend sa Lebel ng Unyonisasyon at Bilang ng Mga Miyembro ng Unyon sa Pribadong Sektor, 2012-2021**




Pinagkunan: Bureau of Labor Relations, 2021

**Pigura 2. Trend sa Lebel ng Unyonisasyon at Bilang ng Mga Miyembro ng Unyon sa Publikong Sektor, 2012-2021**




Pinagkunan: Bureau of Labor Relations, 2021

Sa isang mas naunang pag-aaral (Aganon, Serrano, & Certeza, 2009) iba't ibang salik ang itinuturong ugat ng ganitong trend ng mababang lebel ng unyonisasyon batay sa pagbubuod ni Edralin (2016): "management's efforts to prevent it through precarious employment, outsourcing, non-regularization of probationary employees, offering of different incentives to workers to dissuade them from joining the union, and in some cases, closure of the company when the workers organize a union." Kaugnay ng kontraktwalisasyon at iba pang porma ng "precarious employment" bilang hadlang sa pagpapalakas ng mga unyon, dapat bigyang-diin na talamak pa rin ang kontraktwalisasyon ngayon at malaki rin ang porsyento ng part-time employment (IBON Foundation, 2023) na awtomatikong nagbabawas din sa bilang ng mga manggagawa na madaling mahihikayat mag-unyon. Samakatwid, karugtong ng pagpapalakas ng mga unyon ang panawagang pagwawakas sa sistemang kontraktwalisasyon, para mas maraming manggagawa ang maging regular at mas madaling hikayating lumahok sa unyon (dahil kahit paano'y hindi basta-basta matatakot sa banta ng management). Bukod pa rito, dahil hanggang ngayo'y aktibo ang mga ahente ng estado, partikular ang ahensyang NTF-ELCAC, sa panggigipit sa mga lider at miyembro ng mga unyon, nararapat ding suportahan ang panawagan ng mga unyon na buwagin ang nasabing ahensya (Center for Trade Union and Human Rights, 2022; Bulatlat, 2023) upang mabawasan ang represibong estruktura na pumipigil sa mga nais mag-unyon.

Bukod sa mga unyon, nararapat ding palakasin ang mga partido at alyansang politikal na nakaugat sa mga kilusang manggagawa. Susi rito ang paghikayat sa mga manggagawa na buhayin at pagbuklod-buklurin ang kanilang mga partido politikal o kung hindi man kaya (bunsod na rin ng matagal nang hidwaang ideolohikal na hindi basta-basta mareresolba) ay patuloy na sikapin ang pagbubuo, pagpapalawak, at pagpapalalim ng mga alyansang politikal na binubuo ng iba't ibang paksyon ng kilusang manggagawa na bagamat magkakaiba sa ideolohiya ay nagkakaisa sa maraming panukalang maka-manggagawa gaya ng panawagang pagtataas ng sweldo, pagwawakas ng kontraktwalisasyon, pagsusulong ng occupational safety sa lugar ng trabaho, pagpapadali ng mga polisiya sa pagbubuo ng mga unyon, at iba pa. Ilang halimbawa ng mga ganitong alyansang politikal ang Labor Win Alliance noong eleksyong 2019 at ang senatorial ticket ng lider-manggagawang si Leodegario "Ka Leody" De Guzman noong eleksyong 2022. Noong 2019, sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng bansa, nagbuklod ang iba't ibang magkakaribal na paksyon ng kilusang manggagawa sa Pilipinas para ikampanya ang senatorial ticket na kalakhan ng nominado ay mula mismo sa mga kilusang manggagawa o kaya'y mga tagapagtaguyod ng kilusang manggagawa, gaya nina Atty. Sonny Matula, Leody de Guzman, at

dating Bayan Muna Rep. Neri Colmenares (Macasero, 2019). Noong 2022, ang senatorial ticket ni De Guzman (Gonzales, 2022) ang siyang naging “tagapagmana” ng Labor Win Alliance. Bagamat wala pang naipanalong kandidato ang Labor Win Alliance at ang “tagapagmana” nitong tiket (liban sa mga guest candidate na hindi direktang mula sa mga kilusang manggagawa o kaya’y bahagi rin ng mga mayor na partido politikal), mahalaga na sikapin ng mga kilusang manggagawa na ipagpatuloy ang mga gayong koordinasyon sa pagbubuo ng adyenda at maging ng mga makinaryang politikal na tahas na mula sa at para sa mga manggagawa, kahit man lamang sa pagbubuo ng mga pinag-isang tiket para senador. Sa dami ng tinatawag na di organisadong bulto ng mga manggagawa, ni hindi pa nga dapat ituring ng bawat bloke na karibal ang isa’t isa, dahil napakaraming manggagawa ang ni hindi pa nga naaabot ng kahit sino sa kanila mula noon at lalo na ngayon, batay sa bumababa mismong unionization rate sa sektor pribado at publiko. Sa panahon ng pagitan ng mga eleksyon, maaari pa ring magpatuloy ang mga koordinasyon para sa pagsusulong ng adyenda ng paggawa sa iba’t ibang porma at venue, habang nirerespeto ng bawat bloke ang independensya ng bawat isa sa operasyon at pagpapalawak.

Kaugnay ng mga koordinasyon sa panahon ng pagitan ng mga eleksyon, mainam na palakasin ang mga pagsisikhay sa sama-samang lobbying sa Kongreso, Senado at maging mga ahensya sa sangay ehekutibo, at gayundin sa pagsasabalikat ng mga hudisyal na pagkwestyon sa mga polisiyang anti-manggagawa. Ang lobbying sa Kongreso, Senado, at mga ahensya ay maaaring isagawa sa iba’t ibang paraan gaya ng personal na paglibot sa tanggapan ng mga lehislador, okasyonal na pagsasagawa ng mga piket kasabay ng pagdinig sa mga isyung pang-manggagawa, konsultatibong mga forum na imbitado ang mga lehislador at/o opisyal ng mga ahensyang ehekutibo, at pagpapadala ng liham sa mga lehislador at opisyal. Kaugnay ng mga gawaing ito, nararapat ding tiyakin ang malawakang diseminasyon sa publiko ng bawat aktibidad na isinasagawa ng mga organisasyon ng mga manggagawa. Kinakailangan ang higit na dinamiko at regular na engagement sa social media ng mga organisasyon ng mga manggagawa gaya ng mga maiikling video (reels), mga mabilisang pahayag sa iba’t ibang isyu, live na sesyon, at iba pa. Habang lumalawak ang naaabot ng social media sa Pilipinas ay nababawasan naman ang impluwensya ng tradisyonal na media (dyaryo, radyo, at telebisyon), kaya’t hindi na maaaring umasa lamang sa tradisyonal na media at sa halip ay kailangang seryosohin na ng mga kilusang manggagawa ang kalitatibo at kantitatibong pagsulong sa paggamit ng social media para sa adbokasing maka-manggagawa. Habang nagbabago ang panahon, kailangang umangkop sa sitwasyon. Hindi naman halos magbabago ang laman ng adyenda ng paggawa sa konteksto

ng bansang nananatiling atrasado ang ekonomiya at limitado (kundi man masasabi ngang huwad) ang pag-iral ng demokrasya rito, ngunit laging magbabago ang format, ang lenggwahe, ang estilo ng diseminasyon ng nasabing adyenda ng paggawa. Matitiyak ang paglawak at paglalim ng kilusang manggagawa sa bansa sa Siglo 21 kung imamaster din ang mga pamamaraang pang-siglo 21.

**Mga Sanggunian**

ACT Teachers Partylist. (2020, November 11). *Formation of Unions of Public School Teachers*. Retrieved from ACT Teachers Partylist: https://www.facebook.com/ACTteachers/photos/a.176924669042969/3461679147234155/

Aganon, M., Serrano, M., & Certeza, R. (2009). *Union Revitalization and Social Movement Unionism in the Philippines: A Handbook.* Quezon City: Friedrich Ebert Stiftung and U.P. School of Labor and Industrial Relations.

Aquino III, B. (2019). *Executive Order No. 98*. Retrieved from Securities and Exchange Commission: https://www.sec.gov.ph/wp-content/uploads/2019/11/EO-98-_-6th-Foreign-Investment-Negative-List.pdf

Aldaba, R. (2019). *Philippine New Industrial Policy: Embracing Industry 4.0 and Building Regional Inclusive Innovation Centers*. Retrieved from Department of Trade and Industry: https://innovate.dti.gov.ph/wp-content/uploads/2020/07/2019-04-Philippine-New-Industrial-Policy-Embracing-Industry-4.0-and-Building-RIICs.pdf

Alliance of Concerned Teachers-Philippines. (2021, May 7). *ACT mulls charges vs DepEd-Caraga for co-organizing NTF-ELCAC seminar seeking teachers' disaffiliation from ACT*. Retrieved from Alliance of Concerned Teachers-Philippines: https://www.facebook.com/actph1982/photos/07-may-2021press-releaseact-mulls-charges-vs-deped-caraga-for-co-organizing-ntf-/4222285367810622/?paipv=0&eav=AfacunHGXS331PaLK7208MgT67qTO43zoknNtzKDyCU7ntpE06bxMHpGA1aQUYjBWdA&_rdr

Arcos, E. (2023, May). *Eva B. Arcos Resume*. Retrieved from Social Security System: https://www.sss.gov.ph/sss/DownloadContent?fileName=Comm-Arcos-May-2023.pdf

Bagong Alyansang Makabayan. (2015). *What is Bayan?* Retrieved from Bagong Alyansang Makabayan: https://bayan.ph/site/about/

Balch, O. (2009). *Viva South America! A Journey Through a Restless Continent.* London: Faber & Faber, Limited.

Briones, J. K. (2016). *Piling-kwentong- buhay ng mga maggagawang endo sa sektor batay sa padron ni Oscar Lewis.* Manila: De La Salle University.

Briones, J. K., & San Juan, D. M. (2020). Endo. In D. M. San Juan, *Suri, Saliksik, Sanaysay: Mga Babasahin sa Wika, Panitikan, at Lipunan* (pp. 67-77). Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Bulatlat. (2023, January 25). *Labor groups to Int'l Labor Organization high-level mission: Abolish NTF-ELCAC*. Retrieved from Bulatlat: https://www.bulatlat.com/2023/01/25/labor-groups-to-intl-labor-organization-high-level-mission-abolish-ntf-elcac/

Bureau of Labor Relations. (2014). *DOLE-PNP-PEZA*. Retrieved from Bureau of Labor Relations: https://blr.dole.gov.ph/2014/12/11/dole-pnp-peza/#:~:text=Workers%20in%20the%20economic%20zones,organizations%20inside%20the%20economic%20zones.

______________________. (2017). *Registration of Union*. Retrieved from Bureau of Labor Relations: https://blr.dole.gov.ph/wp-content/uploads/2017/10/Registration_Unions.pdf

______________________. (2021). *Labor Relations Overview.* Retrieved from Bureau of Labor Relations: https://blr.dole.gov.ph/wp-content/uploads/2022/05/Labor-Relations-Overview-2021-.pdf

______________________. (2014). *Unfair Labor Practice.* Retrieved from Bureau of Labor Relations: https://blr.dole.gov.ph/2014/12/11/unfair-labor-practice/

Center for American Progress Action Fund . (2020, March 2). Retrieved from Center for American Progress Action Fund : https://www.americanprogressaction.org/article/what-is-sectoral-bargaining/

Center for Trade Union and Human Rights. (2022, August 21). *LABOR RIGHTS GROUP JOINS CALLS TO DEFUND NTF-ELCAC AMID CONTINUOUS ATTACKS VS TRADE UNIONS*. Retrieved from

Center for Trade Union and Human Rights: https://ctuhr.org/releases/labor-rights-group-joins-calls-to-defund-ntf-elcac-amid-continuous-attacks-vs-trade-unions/

Cepeda, M. (2019, September 4). DOLE hit for lack of baseline data on contractual workers. *Rappler*.

Cigaral, I. N. (2020, January 24). Police plan to prevent unions from organizing hit. *Philstar*.

Constantino, L., & Constantino, R. (1975). *History of the Philippines: From the Spanish Colonization to the Second World War.* New York: Monthly Review Press.

Dabu, C. (2022, September 8). Lawmaker alarmed over rising number of contractual workers in gov't. *Inquirer*.

Duterte, R. (2022). *Executive Order No. 175*. Retrieved from Official Gazette: https://www.officialgazette.gov.ph/downloads/2022/06jun/20220627-EO-175-RRD.pdf

Edralin, D. (2016). Good Work Through Decent Work: Practices of Sixteen Unionized Firms in the Philippines. *DLSU Business & Economics Review 26* (1): 1-16. https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/2019/03/1Edralin-071816.pdf

Gallardo, F. (2022, August 11). DAR employees group in NorMin red-tags, leaves Courage. *MindaNews*.

Gonzales, C. (2022, March 6). Ka Leody announces complete Senate slate of Partido Lakas ng Masa. *Inquirer*.

HSBC. (2023, May 19). *The Philippines: a growing opportunity for foreign investment*. Retrieved from HSBC: https://www.business.hsbc.com/en-gb/insights/growing-my-business/philippines-a-growing-opportunity-for-foreign-investment

IBON Foundation. (2023, May 15). *More jobs but part-time work swelled*. Retrieved from IBON Foundation: https://www.ibon.org/more-jobs-but-part-time-work-swelled/

IBON Foundation. (2023, August 8). *NCR family living wage as of July 2023*. Retrieved from IBON Foundation: https://www.ibon.org/ncr-flw-ao-2307/

International Labor Organization. (2023). *Report of the High-Level Tripartite Mission, Philippines 23 - 26 January 2023.* International Labor Organization.

International Trade Union Confederation . (2023). *Global Rights Index.* International Trade Union Confederation .

Macasero, R. (2019, March 4). Who is the Labor Win Alliance? . *Philstar*.

Maceda, T. G. (1996). *Mga tinig mula sa ibaba : kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas at Partido Sosialista ng Pilipinas sa awit, 1930-1955.* Quezon City: University of the Philippines Press and UP Center for Integrative and Development Studies, Peace, Conflict Resolution and Human Rights Program.

Malig, J. (2020, January 23). Central Luzon police set up at eco-zones to prevent union organizing. *Rappler*.

Medina, A. F. (2023, April 14). *Philippines Allows 100% Foreign Investment in Public Services*. Retrieved from ASEAN Briefing: https://www.aseanbriefing.com/news/philippines-issues-implementing-rules-for-the-public-service-act/

*Minimum wage vs family living wage per region as of February 2023*. (2023, March 10). Retrieved from IBON Foundation: https://www.ibon.org/rmw-vs-rflw-ao-2302/

National Economic and Development Authority. (2022). *CHAPTER 6 Revitalize Industry*. Retrieved from National Economic and Development Authority: https://pdp.neda.gov.ph/wp-content/uploads/2022/12/Chapter-06.pdf

Permanent People's Tribunal. (2007). *PERMANENT PEOPLES' TRIBUNAL Second Session on the PHILIPPINES*. Retrieved from International Association of Democratic Lawyers: https://iadllaw.org/files/verdict%20permanent%20peoples%20tribunal.pdf

Project Jurisprudence. (2017). *SECURITY GUARDS & RIGHT TO SELF-ORGANIZE*. Retrieved from Project Jurisprudence: https://www.projectjurisprudence.com/2017/12/security-guards-right-to-self-organize.html

PWC. (2023, July 1). *Philippines Corporate - Tax credits and incentives*. Retrieved from PWC: https://taxsummaries.pwc.com/philippines/corporate/tax-credits-and-incentives

Rappler. (2022, December 6). *Philippine inflation rate hits 14-year high of 8% in November 2022*. Retrieved from Rappler: https://www.rappler.com/business/inflation-rate-philippines-november-2022/

Salamat, M. (2014, May 13). Economic zone authority's role in suppressing wage hike demand, union rights scored. *Bulatlat*.

Sentro ng mga Nagkakaisa at Progresibong Manggagawa. (2020, February 15). *NAGKAISA and KMU call for scrapping of PNP's 'peace' office in EcoZones*. Retrieved from Sentro ng mga Nagkakaisa at Progresibong Manggagawa: https://www.facebook.com/sentrolabor/posts/2524348127688330/?paipv=0&eav=AfYnc7u7FmZmN6F4yvgT7n8OiGAtnD3QC-WaUopGoe8Fl_gG9QvU9y9F9K5NKXwqVds&_rdr

Singapore Department of Statistics. (n.d.). *Connecting the dots between industries: Linkages*. Retrieved from Singapore Department of Statistics: https://www.singstat.gov.sg/-/media/files/visualising_data/infographics/economy/connecting-the-dots-between-industries.ashx

Social Security System. (2023, September 9). *SSC and SSS Management Directory*. Retrieved from Social Security System: https://www.sss.gov.ph/sss/appmanager/viewArticle.jsp?page=managementdirectory

United Nations Conference on Trade and Development. (2022, March 4). *Philippines amends Foreign Investments Act to woo foreign investment*. Retrieved from United Nations Conference on Trade and Development: https://investmentpolicy.unctad.org/investment-policy-monitor/measures/3831/philippines-amends-foreign-investments-act-to-woo-foreign-investment

Velasco, B. (2019). Rights at Work and Workers' Resistance in a Luzon Export Zone. *Philippine Journal of Social Development*, 82-98.

Velocity Global. (2023, January 13). *GERMAN WORKS COUNCIL: EVERYTHING GLOBAL EMPLOYERS NEED TO KNOW*. Retrieved from Velocity Global: https://velocityglobal.com/resources/blog/german-works-council-what-you-need-to-know/

Venzon, C. (2023, February 7). Philippine inflation hit 14-year high of 8.7% in January. *Nikkei Asia*.

Wilson, S. (2021). *Living Wages and the Welfare State: The Anglo-American Social Model in Transition.* Bristol: Bristol University Press.

**Pagkilala**

*Ang artikulong ito ay bahagi ng mas malawak na proyektong pinamagatang "Kasaysayan, Programa, at Pakikibaka ng Bagong Alyansang Makabayan/ BAYAN (1985-2015)" na isinabalikat sa pamamagitan ng research grant mula sa De La Salle University Research and Grants Management Office/ RGMO (dating University Research Coordination Office/URCO). Kinikilala at pinasasalamatan ng may-akda ang mga bahagi ng RGMO lalo na ang Executive Director nito na si Dr. Feorillo A. Demeterio III. Kinikilala at pinasasalamatan din ng may-akda ang buong pamunuan ng BAYAN - lalo na si Dr. Carol Araullo - sa pagbibigay ng akses sa piling dokumento sa kanilang arkibo, gayundin ang mga opisyal ng BAYAN na kinapanayam ng mananaliksik para sa nasabing mas malawak na proyekto, partikular sina Renato "Ka Nato" Reyes at Rita "Taritz" Baua (†).*